# JIREH: HIGIT PA SA SAPAT

*A Lord's Flock General Assembly Topic*

Ni: Sis. Techie M. Rodriguez

Agosto 19, 2023

Ang Diyos ang nagbigay sa Kanyang sarili bilang sakripisyo. Sa Genesis 22, sinabi Niya kay Abraham na ialay ang kanyang pinakamamahal na anak. Napakahirap para kay Abraham na sabihin ito sa kanyang anak, ngunit siya ay sumunod. Ang Diyos mismo ang nagbigay ng sakripisyo, dahil ang Kanyang pangalan ay Jehovah Jireh. Tayo ay magtiwala na magagawa ng Diyos ang higit sa sapat, higit pa sa maaari nating hilingin o isipin.

**1. Mayroong dalawang Espiritwal na Isyu (Prov 30: 8-9):**

1.1. Ang kayamanan ay nagdadala sa atin sa mga ilusyon, kung saan nawawala tayo sa Panginoon. Gaano ba ng sapat – sa suweldo, tahanan, posisyon/titulo, sasakyan, atbp?

1.2. Ang kahirapan ay nagdadala sa atin sa espirituwal na sakit. Maraming tao ay gumagamit ng panlilinlang o pagnanakaw upang makakuha ng sapat.

**2. Ano ang dapat nating hilingin?**

2.1. Sa tingin natin kung ano ang mayroon tayo ay sa atin lamang dapat ito ( Aw 50:10-12 ). Nawawala sa paningin natin na ang lahat ay nagmula sa Diyos (Fil 4:13).Maaaring kunin ng Diyos ang lahat (Hag2).

2.2. Ang mga Israelita ay nagreklamo (Ex 16:2-3), at naging sakim (Ex 16:17-18). Binigyan na sila ng Diyos ngunit higit pa ang kanilang nais.

2.3. Katulad nito, nais pa natin ng higit pang himala/pagpapala. Tinuruan tayo ni Hesus na manalangin "Ang Panalangin ng Panginoon – … bigyan mo po kami ng aming kakanin sa araw-araw…" Nais Niya tayong umasasa Kanya araw-araw (Mt.6:25).

**3. Ang Panginoon ay higit pa sa sapat.**

3.1. Sinabi ni Hesus, "Ako ay higit pa sa kailangan mo. Ako ang katotohanan; ang buhay na walang hanggan ay dumadaloy mula sa Akin" ( Mat 6:26 ).

3.2. Alam ng ating Ama sa langit ang ating mga pangangailangan (Mt6:31-32). Ang pag-aalala ay nakababawas sa ating buhay. Ang susi ay mabuhay lamang sa bawat araw.

3.3. Ang Diyos lang ang nakakaalam ng ating kinabukasan. Hindi natin alam kung hanggang kailan tayo mananatili sa mundong ito. Kaya naman, purihin natin ang Diyos habang tayo ay nabubuhay.

3.4. Sinabi ni Paul: ang aking Diyos ay tutugon sa aking mga pangangailangan alinsunod sa Kanyang kaluwalhatian.

3.5. Tumutugon ang Diyos sa ika-11 oras. Ang Diyos ay hindi nakatali sa ating panahon. Dapat tayong magdasal, sabihin natin sa Kanya ang ating mga plano (Prov 3).

3.6. Ang Diyos ay puno ng sorpresa. Kapag may pintuang nagsara, may isa pang pinto na Kanyang bubuksan (Awit 23:1, Awit 23:5-6).

3.7. Ang ating Ama sa langit ay nagbibigay ng mabubuting kaloob (Mt7:9-11).

3.8. Sa sinumang iniwan ang lahat upang maglingkod sa Diyos, ang mga pagpapala ay walang hanggan, hindi maarok (2Cor 9:6-15).

3.9. Limitado ang kaya nating gawin, ngunit ang Panginoon, si Jireh, ay higit pa sa sapat. Makuntento tayo sa bawat pagkakataon.

**4. Ang Panginoon ay tumitingin sa ating puso**. Hindi Niya inaasahan na mamuhay lamang tayo sa himala sa lahat ng pagkakataon.

**5. Bahagi ng ating pagsubok sa pananampalataya araw-araw ang panahong tayo ay nangangailangan**

Anuman ang hiniram ng Panginoon, ibinabalik Niya ng daan-daang ulit (Jn 6:1-15). Kapag nakapasa tayo sa pagsubok, higit pa ang Kanyang ibibigay.

**Konklusyon:**

Dapat nating isaayos muli ang ating pag-iisip. Bagama't nabubuhay tayo sa mundong ito, dapat na tayo ay magtiwala sa grasya ng ating Panginoon. (Aw 91:14-16). Marapat na ating ipanalangin ang sapat na salapi, sapat na pagkain para sa araw-araw, sapat na mapagkukunan para sa ministeryo.

**Pagninilay:**

1. Ano ang mga bagay na pinapangarap mong makamit ngunit para sa iyo ay imposible? (ano ang gagawin mo kung manalo ka sa Lotto)?
2. Paano mo pinangangasiwaan ang iyong oras, salapi, at pinagkukunan sa pang araw-araw?

**Isinalin ni:** Sis. Mayflor Barcita
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
Para sa higit pang mga turo, bisitahin ang website**:https://lordsflock.org/teachings/digests**
**Tags: #Pagtitiwala #Jireh #PagkaingEspiritwal**